## INTERNATIONAL NAPASA ( November 12th, 2024 )

### 1)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG NOVEMBER

12月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***AEROBICS, UNDERWATER EXERCISE, YOGA, TENNIS, BADMINTON*** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Para sa mas detalyadong katanungan ukol sa schedule, bayarin ng bawat lesson at iba pa ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay sa November 15 (Friday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing foundation.

### 2)NAGHAHANAP NG TITIRA SA PABAHAY NG MUNISIPYO NG HIRATSUKA CITY

平塚市の市営住宅の入居者の募集のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay naghahanap ng titira sa pabahay ng munisipyo. Para sa mga detalye ukol sa paghahanap ng mga maninirahan ay makakakuha ng gabay sa paninirahan at Application Form sa Information Window, 1st Floor ng Hiratsuka City Office o kaya sa mga Community Hall ng bawat distrito. Maaaring mag-simula ng paninirahan mula March 1 ng taong 2025. Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang November 15 (Wednesday). Para sa iba pang mga katanungan ukol sa bagay na ito ay maaaring makipag-alam sa ***TOKYU COMMUNITY*** Telephone No. **0463-74-4005 (0463-74-4005).**

### 3)PAGPAPAALAM UKOL SA JAPANESE ONLINE LESSON

オンラインによる日本語クラスのお知らせ

Ang ***INTERNATIONAL EXCHANGE FOUNDATION*** ng Kanagawa Ken ay magkakaroon ng ***ONLINE JAPANESE LESSON*** sa **ZOOM** gamit ang Personal Computer o Smart Phone. Ang panahon ng pag-aaral ay tuwing Biyernes ng 10:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali mula December 4 hanggang February 21, 2025. Para sa mga nais mag-aral ay maaaring mag-apply hanggang November 13. Para sa mas detalyadong impormasyon ay makikita sa Home Page ng ***INTERNATION EXCHANGE FOUNDATION*** ng Kanagawa Ken.

### 4)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGDIRIWANG NG MGA KATUTUBONG PALABAS

平塚市の民族芸能祭りのお知らせ

Sa November 17 (Sunday) ay magkakaroon ng ***"PAGDIRIWANG NG MGA KATUTUBONG***

***PALABAS***" sa Chuo Kominkan ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 1:00 hanggang 4:00 ng hapon. Makakapanood ng mga katutubong palabas ng Hapon tulad ng pagdiriwang ng pagtugtog ng tambol at Japanese Puppet Show at mga Tradisyonal ng pagtatanghal ng Sining. Maaaring makapanood ang hanggang 250 katao. Kung may katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa ***SOCIAL EDUCATION DIVISION (SHAKAI IKU KA)*. Telephone Number 0463-35-8124 ( 0463-35-8124 ).**